



Contribution ID: **48** Type: **not specified**

# Gabay at tuntunin sa pagsasalin tungo sa pagbuo ng polisiya para sa programa ng MSU-IIT na nagsasagawa ng bilinggwal na talatanungan

*Monday, October 20, 2025 1:00 PM (4 hours)*

**Abstract**: Sa komunidad ng pananaliksik sa MSU-IIT, marami ang nagsasagawa ng mga talatanungan upang makalikom ng datos sa kani-kanilang mga pananaliksik. Madalas din sa kanilang mga pinapasagutan na talatanungan ay mayroong mga katumbas na salin. Kung kaya't , ang pag-aaral na ito ay may layuning bumuo ng isang manwal na magiging gabay para sa mga mananaliksik na nagsasagawa ng mga bilingual questionnaire. Sandigan sa pag-aaral na ito ang pananaw ni Hanz Vermeer na skopos, tuon nitong tingnan ang pagsasalin bilang may tuon at sentro sa pagbibigay pokus ng salin. Sa pag-aaral na ito, kasalukuyang inaanalisa ang mga nakalap na datos, subalit ayon sa inisyal na analisis isa sa mga hakbang na isinasagawa ng mga mananaliksik sa MSU-IIT upang isalin ang kanilang mga talatanungan ay ang paggamit ng machine translator tulad ng google translation. Subalit, isa sa iminumukngkahing gabay ay ang pagsangguni sa mga eksperto ng isinasalin na wika upang magkaroon ng balidasyon. Gayundin, maraming hamon ang nakikita ng mga mananaliksik sa kani-kanilang mga isinasagawang talatanungan, tulad na lamang ng paghahanap ng malapit na katumbas ng mga teknikal o sayantepikong termino. Nakikitang maaaring maging imungkahi nito o gabay ay ang paglalagay ng paglalarawan sa loob ng talatanungan batay sa terminong mahirap isalin o hanapan ng katumbas na salita. Batay rito, nakitaan ng mga mananaliksik ang pangangailangan ng komunidad ng mananaliksik sa MSU-IIT na magkaroon ng isang manwal upang maaaring babalik-balikan ang iilang mga mungkahi, gabay at hakbang sa tuwing magsasagawa ng mga bilingwal na talatanungan.

**Key Words**: pagsasalin; gabay sa pagsasalin; bilingual questionnaire; translation manual

**Authors:** DERIADA, Loi Vincent (College of Arts and Social Sciences, MSU-Iligan Institute of Technology); RAMBER, Alia (College of Arts and Social Sciences, MSU-Iligan Institute of Technology); SANDOVAL, Mary Ann (College of Arts and Social Sciences, MSU-Iligan Institute of Technology); VENTIC, Clarisse Ann (College of Arts and Social Sciences, MSU-Iligan Institute of Technology)

**Presenter:** DERIADA, Loi Vincent (College of Arts and Social Sciences, MSU-Iligan Institute of Technology)

**Session Classification:** Poster Presentations

**Track Classification:** Ongoing Projects: Education, Arts, Humanities, and Social Sciences